

JB Pritzker, Governor

Ngozi Ezike, MD, Director

Buod at Mga Item ng Hakbang

- Nakumpirmang may novel coronavirus (2019-nCoV) ang isang pasyenteng naka-confine sa isang ospital sa Chicago.
- Nararapat ituloy ng mga health care provider ang pagtatanong sa mga pasyenteng may mga sintomas ng kahirapan sa paghinga at may lagnat tungkol sa anumang pagbibiyaha nila sa Wuhan, Tsina o kung nagkaroon sila ng kontak sa isang taong may 2019- nCoV.
- Ang mga pasyenteng iniimbestigahan at pinaghihinalaang mayroong sakit na ito ay kailangang agad-agad na ibukod bilang mga pasyenteng may sakit sa paghinga at iulat sa lokal na kagawaran ng kalusugan.
- Gagawin ng ahensiya ng pampublikong kalusugan ang mga nararapat na hakbang para at tungkol sa kaninumang maaaring nagkaroon ng kontak sa kumpirmadong kaso.

Background

Aktibong nakikipag-ugnayan ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois at mga lokal na kagawaran ng kalusugan sa mga health care provider tungkol sa biglang pagkalat ng sakit (outbreak) na dulot nitong novel coronavirus (2019-nCoV), at sumasangguni sila sa mga lokal na kagawaran ng kalusugan tungkol sa mga pasyenteng maaaring apektado nito.

Posibilidad ng Pagkakahantad (Exposure)

Susubaybayan ng mga tauhan ng kagawaran ng kalusugan ang mga indibidwal na maaaring nahantad sa kumpirmadong kasong ito.

Mga Sintomas

Kabilang sa mga sintomas ang lagnat at mga sintomas ng sakit sa paghinga (ubo at paghahabol sa paghinga).

Pakikipag-ugnayan

Para sa karagdagang impormasyon o mga tanong, mangyaring makipag-ugnayan sa inyong lokal na kagawaran ng kalusugan. Kung hindi sila available, mangyaring makipag-ugnayan sa IDPH Seksyon ng mga Sakit na Nakakahawa, 217-782-2016 o mag-email sa Isaac.ghinai@illinois.gov. Kung sarado na ang opisina, mangyaring makipag-ugnayan sa lokal ninyong kagawaran ng kalusugan. Kung hindi sila makontak, tawagan ang numero ng IDPH para sa pagkatapos ng opisina: 800-782-7860.

Karagdagang Mapagkukunan ng Impormasyon

IDPH website: <http://www.dph.illinois.gov/topics-services/diseases-and-conditions/diseases-a-z-list/coronavirus>

Mga Pinagtutuunang Tagabasa

Mga tagapamahala at tauhan para sa mga nakakahawang sakit ng Mga Lokal na Kagawaran, Mga Doktor ng Nakakahawang Sakit, mga Kagawaran ng Emergency ng Ospital, Mga Tagapagpigil para sa Pagkontrol ng Impeksyon, at mga Laboratoryo.

Petsa ng Pag-isyu

1/24/2020

May-akda

Seksyon ng Nakakahawang Sakit, Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois

Illinois Department of Public Health

525-535 W. Jefferson St.
Springfield, IL 62761

dph.illinois.gov
217-557-2556

69 W. Washington St., Suite 3500
Chicago, IL 60602